

**The Project Gutenberg eBook of Hindi Biro!... ó Ang Anting-Anting, by José R. Francia**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Hindi Biro!... ó Ang Anting-Anting


Author: José R. Francia

Release date: July 11, 2006 [EBook #18805]

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Pilar Somoza, and the Online Distributed Proofreading Team at <http://www.pgdp.net> Handog ng Proyektong Gutenberg ng Pilipinas para sa pagpapahalaga ng panitikang Pilipino. (<http://www.gutenberg.ph>)

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK HINDI BIRO!... Ó ANG ANTING-ANTING \*\*\*



---

**HINDI BIRO!...**  
**ó**  
**ANG ATING-ANTING**  
**SINULAT NI**  
**J.R. Francia**  
**IKALAWANG PAGKAPALIMBAG**  
**MAYNILA**  
**"STANGL PRESS"**



## TALAN NG NILALAMAN

### SA SIPI SA TATLONG LIHAM NA TINANGAP NG MAY AKDA

I- II- III- IV- V- VI- VII- VIII- IX

## SA SIPI SA TATLONG LIHAM NA TINANGAP NG MAY AKDA

Páhiná 2

Upang maguing sandalan n̄ kahinaan n̄ may akdà nitong "Hindi Biro! ó ANG ANTING-ANTING" ay salunġát man sa kaniyang katutubong damdamin ay minarapat na isalin dito ang bahagui n̄ tatlong liham na tinangap nia ukol sa ikawawasto n̄ akdang ito.

—Kay G. Gregorio Orda, Abogado, taga Atimonan, Tayabas na may petsa 12 n̄ Enero n̄ 1911.

"Nabasa ko ang magandang akdà mo at sa pagbasa ko'y nagkamit ako n̄ maligayang sandali at katuaang naka pagpaalaala sa akin sa namatay na matandang Pule (Apolinario Monteseña) baga ma't ito'y hindi tulisan, na ito lamang ang ipinagkaiba, at sa bagay na ito'y binabati kita at pinupuri ko ang akdà mo, na samantalang nakatutwa ay nakapag papaayos n̄ mġa kauagalian, sapagka't nag aanyaya sa pag gawa at nagpapatakuil n̄ mġa kagagawan."

"Ipahintulot mo na maipalathala ko sa linguhang naming "LAONG LAAN" dine sa Tayabas, upang maguing mabuting aral sa kinaukulang sinoman."

—Sulat ni G. M Quiogue, Socialista at Kalihim n̄ paggawa n̄ tabaco't cigarrillong "KATUUSAN" na may petsa 8 n̄ Enero n̄ 1911.

"Nag papasalamat po ako sa nġalang n̄ Samahan sa katanġiang guinawa ninio sa pagawaang itong ganap na pilipino."

"Sa boong muni at pag lilimi ay binasa ko ang munti niniong aklat at isinaalangalang ang basal pang katayuan n̄ panitikan nating tagalog, ay ang akdà ninio'y nakakapara n̄ "mumunti datapua't malaking aklat" n̄ mġa Europeo, dahilan sa pagay niang lubos na makabago at mapagturo, upang sa karaniwan n̄ ating mġa kababayan ay maparam ang sinsay na paghahakà."

"Naibalita ko po at ipinabasa sa mġa manggagawa ay nais nilang matanto kung saang mga aklatan na nabibili, at kung magkano ang bawa't isa."

—Kay G. F. Pantua, makabayan, Kalihim n̄ Samahang "MAKILING" sa isang pulong na idinaos n̄ Samahang ito na may petsa 31 n̄ Diciembre n̄ taong 1910.

"Binasa n̄ Kalihim ang liham ni G. José R. Francia na may petsa 26 n̄ kasalukuyan, na dito'y ibinabalita nia ang nais niang ipalathala ang kalakal n̄ Samahan, na walang bayad na anoman

maliban sa makatulong sa ikalalaganap nito, at nagpadalá n̄ m̄ga salin. Sa maunawa n̄ kapulun̄gan, sa mungkahi ni G. Arieta (anak) ay pinagkaisahan na di lamang itinutulot kundi pinasasalamatán at kinikilala ang katan̄gian n̄ gawang ito sa n̄galang n̄ boong Samahan."

ANG UMAKDA.

---

# HINDI BIRO!...

Páhiná 3

ó

## Ang Anting-anting

I

Noon ay panahong lumipas, n̄guni't hangan n̄gaio'y naaalaala pa n̄ marami sa atin, na, si Juan Hanipol ay isang binatang may hilig na totoo sa pag anting anting.

Si matandang Taciong Kabál ó Bakal ay isang magaling na lalaki, at balitang tulisan noong m̄ga dakódakong panahon, n̄guni't matagaltagal nang na nanahimik at bagama't matanda na'y nagsasaka pa sa kaniang bukid. N̄gaion ay kilalá sia sa pook na yaon, na isang matandang masipag at sistidor, kaya kung tawagin ay si Matandang Taciong Sistidor.

Minsang araw ay nag sadya sa bahay nia si Juang Hanipol, ang binatang nag hahanap n̄ galing ó anting-anting.

—Ako po Lelong ay naparito, na ang tanka ko'y mag puló n̄ kaunting kasangkapang mabuti sa katawan.

—Anong ibig mong kasangkapan?

—Ang ibig ko po'y ...yaon po bang kung ako halimbawa'y may masasalubong sa daan ay huwag akong makita.

Pinag masdán ang kausap buhat, sa ulo hanggan paa samantalang isinubô ang binayong itsó sa kaniang kalikot, at tinapik sa balikat at sinagot:

Páhiná 4

—Ako bata'y hindi na nag iin̄gin̄gat nian at kita mo, na ako'y matanda na: n̄guni't kung ikaw ay matitirá dito sa aking bahay hangang ako'y mamatay ay pamamanahin kita, sakali't maglinkod ka n̄ tapat sa aming mag asawa. Kita mong kami ay walang anak na isa man lamang.

—Kung iyon po lamang Lelong, ay pabayaan ninio't pag sisilbihan ko kayong parang magulang, lalo't ako'y hindi po naman nakakilala n̄ ama't ina at n̄ maewan po ako'y musmos pang lubha!

—Wala ka bang m̄ga kapatid?

—Wala din po.

—Sus, di magaling: anó, titirá ka na?

—Opo, titirá na ako.

—N̄guni't ...tíla hindi ka dapat mag-in̄gat n̄ m̄ga kabulaanang yaon at baka ikaw ay mapahamak, bata ka pa; gaion man ay aatuhan kita.

Sa madaling sabi, natirá na n̄ga doon si Juan, at mula noo'y ang panunuyó ang siyang guinamit, anopa't ginawa niyang lahat ang anoman sa loob at labas n̄ bahay.

---

II

Lumipas ang ilang araw.

Minsang gabí, pagkatapus makapagluto si Juan n̄ kanilang hapunan ay tinawag n̄ matanda at pinagsabihan.

—N̄gayon ay huwag káng kakain n̄ hapunan, at hindi pa tumutugtog ang "animas" ay pumaroon ka na sa bakuran. Pag patók n̄ kampanà ay sabay kang mag tatakbó at yumapós ka sa punò n̄ kamatsileng maalitátap; at ikinatnig ang punong yaon; kumagat káng makakaha n̄ pitóng tilád n̄ balát bago matapos ang tugtóg, balutin mong magaling sa isang bagong paniong putí at saka mag tatakbóng walang lin̄gon hangan dito. Huwag káng paabot sa huling patók n̄ kampanà, sapagka't may mangyayari!

Páhiná 5

—Na anó po?...ang pagdáka'y tanong ni Juan.

—Kapag inabot ka n̄ katapusang patók, ay katapusan mo namán, at ...

—Bakit po?

—Sapagka't darating doon ang isang malaking tawo na yayapos sa iyo na sasakalin ka't ipaghahaguisan n̄ lubhang matayog hangang sa di ka mamatáy.

Si Jua'y hindí nagsalitâ, n̄uni't di naman munti man na takot sa m̄ga hulíng sinabi n̄ matandâ. Binuó nia ang kaniang loob at lumaang gawin ang m̄ga iniatas n̄ matanda masunód lamang matamó ang kaniang pita.

---

### III

Dumating ang gabí.—Bagama't pusikit ang dilím ay madali niang na tanáw ang punò n̄ kamatsileng maalitaptáp. Pumatók ang "animas"; tumakbó na sia't yumapós sa punong yoon, kumagát sia't na ka tipák n̄ pitó; binalot na nia't inuwi sa bahay, anopa't na ganáp ang m̄ga bilin n̄ matandâ, bago natapus ang patók na hulí.

—Magaling na batà!...—ang salubong na sabi n̄ dinatnán—N̄gaion din ay isubò mo ang m̄ga tipák na iyán at pumaroon ka sa bahay ni Kumpareng Kulás, at makikita mo ang lahat ay hindí ka namán makikita, nino man. Samakatuwíd ay nataguibulag mo silá, sabáy mo namang sasabihíng malakas ang oraciong itó:

Saratum, ticom, balakum,  
tukos, mukos, talagum, ibom.

—Ano pong oracion yaan?—ani Juan.

—Yaan ang oracion sa pitong Arkanhel.

At madaling sinaulo ni Juan ang oracion yoon, at di na n̄ga pinapagbihis n̄ matandâ sapagka't di na makikita't madirinig di kunó ninoman, na itó n̄ga namán ang inasahan ni Juan.

Halos manakbó-nakbó sia ay dumating n̄ga sa bahay n̄ Kulás, na doon palá nama'y maraming tawo sapagka't kasalan sa isang anak nitó. Na sa trankahang pa'y isinubó na ang tagláy at saka dinalit na ulitulit n̄ malakas ang oracion:

Dalakong tikoy balatong  
tunkos mungos talagang ibús.

.....N̄uni't

Oh!...ang pagkamanhâ n̄ m̄ga dalaga na siang pinagtuluyang inumpukan ni Juan sa pagkaupô, na ang makapiling n̄ga nia'y pilit umiilag. Ang palagay n̄ lahat ay ul-ol ang dumating, n̄uni't ang palagay naman n̄ Kapatid na lalaki n̄ ikakasal na dalaga ay nag uulol ululan lamang, kaya galit na galit, at kundi n̄ga napagpayó ay marahil nasaktan sana na walang pagsala ang atin n̄gang si Juan, sapagka't ipinalagay pa linilibak ang kapatid niang may bulutong n̄ga naman bukod pa sa malapad ang mukhâ na anhin n̄ga ang tikoy n̄ insik. Pagdaka'y linapitan n̄ isá sa m̄ga doroon at mahinahong pinakiusapang magbihis muna at saka bumalik.

—Ata makíc po ma ako ma mimihí pa?—ani Juan, na n̄gamol umusap dahil n̄ga sa subo.

—Sapagka't ang damit mo'y pulos na putik, ay napapagtawanan ka n̄ tawo't kahiahia ka pa sa m̄ga dalaga.

At pulos tubog n̄ga naman n̄ makita nia't mamasdan ang kaniang damit sa katawan, kaya hianghiâ siang umalis na, diman nakuhang namaalam kaninoman. Ang puno paláng kaniang kínagatan ay datihang kuskusan n̄ m̄ga kalabaw na sa malapit doo'y nanunubog araw araw.

Nanaog na n̄ga si Juan na lubhang pinagtanawan n̄ lahat na siang nakaaliw sa m̄ga nagkakan̄gay, pati ina n̄ dalaga'y na patawa na, bagama't lubhang nahahapis na di man makakain símula n̄ mag suguan sa kaniang anak.

---

### IV

Dumatíng si Juan kay Matandang Tacio at sinabi niang sia'y pinagtawanan n̄ lahat.

—Ganoong n̄ga. Ito'y bago-bago ka pa! Huwag niong alumanahin ang anoman; sa magalit sila't sa matwa ay gawin mo ang gagawin mong utos ko sa iyo!... Papaano ba ang oracion mo?--ang dugtong n̄ matanda.

Dalakong tikoy at balatong

ulit ni Juan.

—Ah! tingnan mo, di mali ka!... Pagkaba nag kuláng ka nǎ iisa man lamang letra eh!... di ... Sirâ ka na.

—Hindi po ba ganoon ang turo mo?

—Hindi;—Sinabi ko na nǎ't tila hindi ka maari, at sa unang lision lamang ay hindi ka naka lampás ... Bueno! mag pahinǎ;—at sa ulí ay iba naman ang gagawin natin.

At nag si pamahinǎ na nǎ silâ, palibhasa't malalim na ang gabí; nǎuni't pinagbilinan muna.

—Sa Viernes, humanda ka Juan at kita'y susubuan nǎ isang Anting na mabuti sa iyo..... Maliligo ka muna, sa ilog mag hilod na mabuti at ... bahala na.

—Opô, opô; ang tugon nǎ kausap.

Patuloy ang panunuyo ni Juan sa mag asawa ni matandang Tacio.

Dumating ang Viernes. Madilim-dilim pa'y na ligô na nǎ si Juan, at pagkawi sa bahay ay nag lutô, nag haien, kumaen sila sampon nǎ mag asawa. Kaguinsaguinsa'y isang babae ang na pa tawo sa hagdanan.

—Anó Angue?... at na parito ka?

—Dahil pô kay Ambo, ay ibig ko pong patingnan sa iyo.

—Oo; madali yoon, titingnan lamang pala eh ...!

—Ibig kó pong ipagamot sa iyo.

—At anó bang sinasakit?

—Walá pô;

—Walá palá'y bakit?

—Meroon pô;

—Na ano yoon?

—Hindi ko nǎ po maalaman.

—Baka pasmá?

—Baka nǎ po yoon ang pasma tabardillo.

—Hindi ka maalam mag salita! "Asno Tamardillo", ang tawag sa sakit na yoon baga ma't hindi ko pa nakikita.

—Ah!... asno tamardillo ... asno tamardillo ...!

—Oo pabayaan mo't ako'y mapapadaan nǎaion sa inio at kami ni Juan ay pasasaanihan. At ang babae'y namaalam na.

Gumayak na madalì ang dalawa ni Juan at ni Matandang Tacio, at halos ay inabutan pa nǎ nila ang tumawag na si Angue. Nanhik silang panabay at dinatnan nǎ namang si Ambo'y gugulong gulong sa sahig na anhin ang batang sangol. Pinulsuhan nǎ matanda at iiling-iling na nagsabí.

Oh!—Di sinabi ko nǎ. Di tama nǎ Angue ..."Asno Tamardillo" nǎ itong asawa mo! Ha! Ha ha ... ha!—ang patawa nǎ mangagamot.

—Hindi ba masakit ang ulo mo?—ang tuloy na tanong sa may sakit.

—Masakit nǎ pô.

—Ang tian, hindi ba parang walang laman?

—Ganoon nǎ po.

—Di ba ang ibig mo'y kain nǎ kain ay ... wala ka namang ...?

—Sia nǎ po.

—Di ba ang ibig mo'y laging uminom ay?...

—Tila nǎ po.

—Di ba para kang hilo, walang maisipang gawin?

—Sia nǎ po!

—Ano!—ang badling na sabi kay Angue—di asno tamardillo nǎ ... sinapantahâ ko na nǎ. Ano bang gawâgawâ nǎaion nǎ mǎ tawo dito sa iniong bandahing itó? mapa ibá ako, nǎ usap.

Ah! marami po n̄gaion ang anihin at nagkakalutlot ang palay.

—Ay sino sa inio ang nan̄gan̄ganihan?

—Wala po kundi akong saglitsaglit, dian lamang sa malapit; di n̄ga po makaláyo'y itong si Ambo'y may sakit at may bata pa akong....

—Mahirap ano?... Marahil sa pagani sia na pasmá?—ang pasaring n̄g kausap.

—Sia n̄ga po;—ang tugon na lamang n̄g mabait na si Angue na ikinakanlong ang ugali n̄g asawa nia—Ay ano po kayang mabuti?—ang patuloy na tanong nia.

Ang matanda'y hindi nakasagot kaagad palibhasa'y inisip nia, na kung itóng aanihin na lamang at sukat, mabuti naman ang pahunusan ay kinatatamara pa, ay ano pa n̄ga kaya't di katamarán ang gawang mag bukid, at mag bugtá n̄g lupâ na lalong mahirap kay sa umani, palibhasa'y nan̄gan̄gailan̄gan n̄g pagod, isipan at puhunan, ang pag bubukid na siang kauna-unahang batis n̄g ikinabubuhay n̄g m̄ga tawo at n̄g alin mang Bansa.

—Ay ano pong mabuti kay Ambo?—ang ulit na tanong ni Angue.

Kung makakaban̄gon at makakalakad ay pasamahin mo sa amin ni Juan.

—Opô ...ano, Ambo; sasama ka?—ang badling n̄g Angue sa kaniang may sakit, daw, na asawa.

—Kung ako'y gagamutin mo pô ay bakít ako ipagsasama—ang tanong naman n̄g may sakit na talagang ayaw buman̄gon.

Páhiná 11

—Kailan̄gan sumama ka; at n̄g pagtulò n̄g gamot na ihahaplas ko sa batok mo't likod ay malamig lamig pang mapasakatawan mo ... Sumama ka't n̄g ikaw ay madáling gumaling at n̄g umabot ka n̄g anihin, sayang ang palay at mapapásalupa lamang ay hindi mapakinaban̄gan, tutukain lamang n̄g m̄ga ibong kung saan saan galing na m̄ga pook.

—Ako po'y baka di makatagal ah!

—Bahala na, utay-utay ... banay banay tayong lalakad at nagkakataong dumarating tayo'y ...

Hindi sumasagot si Ambo; nag tindig na n̄gang wari hahapayhapay, sa panglalatâ lamang n̄g katawang kusang ayaw na igalaw, at n̄gaio'y tatlo na silang lumalakad sa paroroonang anihan. Si Angue ay saka susunod kung maihabilin sa kalapit bahay ang kaniang m̄ga anak na mumunti.

Dumating ang tatlo sa kamalig n̄g anihan. Na tanaw nila ang maraming tawong sumasabukid na ang karamiha'y babaieng malalapad ang salakot at mapupulang kundiman at dinampol ang m̄ga baro't saya kundiman kaya'y sadyang pinulahan.—Hindi na luatán at nagdatin̄gan ang lahat na pawang may kanikanilang sunong na uhay n̄g palay sa kanilang m̄ga sisidlan. Nagkatipon sa kamalig na maluang din naman, ay pawang nagdaramdam kapaguran at init n̄g namimitik na araw, nagbibigay n̄g kasaganaan. Gaion din ang m̄ga dalaga, na sa kanilang m̄ga pisin̄gí ay waring na nananalaytay ang dugong buhay n̄g kasipagan, lalo na si Biang na anak n̄g may bukid.

—Juan!... humanda ka't ġaion kita bibigyan—ang pabulong ni Tandang Tacio kay Juan.

Páhiná 12

—Opo Lelong;

At magkakainan na ang lahat n̄g kumuha n̄g alak si Tininting Isiro at ipinanagay ni Biang na inuna n̄gang tagayan si Matandang Tacio, si Juan at si Ambo.

—Totoong sistidor ang matandang Taciong yaan—ang sabi ni Tiningting Isiro sa isa niang kaharap. Makikita natin at hangang mamaya'y ... gagawa n̄g sisté!

—Aba!...—ang pabiglâ n̄g matanda sa kay Biang na tumatagay—

Ang unang tiro'y sa botillera  
At ang ikalawa'y sa kastillero;

Huag kang magkakawikaan Ineng at talagang kalakarán—ang dugtong n̄g matandà.

Ang dalaga'y tumatangui sana'y di naman na gawí na at una nan̄gang uminom n̄g isang tagay, na ipinamaalam, at saka panibagong sinidlan ang tagayanat inilapat sa matandà.

—Ako'y patawarin mo Ineng; at ako'y may na din̄gig na isang awit kastila na ania'y,

*El dinero del sacristan  
Cantando viene y cantando van.*

Samakatawid ko baga Neneng, kung tatagaluguin ko sa sarili lamang ay.

Ang tuba daw sa karitan  
ay di tutulo kundi pan̄gulukatikan.

Ang ibig sabihin ay iawit mo!...ang sabihang pabiglâ n̄g m̄ga nanonood; kaya n̄ga naman ang dalaga ay umawit n̄g ganito na tan̄gan ang tagayan; na sinaliwan n̄g tugtog n̄g biguela n̄g isang binata.

Páhiná 13

Utos ng matanda'y

Mahalay di sundin  
Kinabubusunġan  
Batang paris ko din  
Larán-larán larin  
larin larán  
Larán larán larin  
larin larán...

.....At pagka ikot nġ umaawit ay hinarap ang matanda at dinugtong.

Kaya nġa:

Inom na, inom na't  
Sa kamay ko galing  
Sukdang ito'y laso'y  
Di ka na tatalbín...  
Laran laran larin.

Ehoy!... Ehoy ...! ang sigawan nġ marami. At saka inilapit sa matanda, upang ipainom.

—Dalawa ineng, itong aking kasama ay pumili ka, nġ makakahalig sa akin,—at itinuro ang magkasigbay na si Juan at si Ambo.—Sapagka't totoong masama sa aking nġaion ang alak, linisan ko na ang malabis na pag inóm dahil sa ako'y nagkakasakit kung ako man lamang ay makaamoy. Uminom ako nġ alak kung kagamutan at kung kailanġan lamang, nġuni't hindi ako naglalanġó, sapagka't nakita ko na ang kapagitan nġ ugaling paglalanġó, at di ko na sabihin pa sa iyo.

Páhiná 14

Sia nġa; sia nġa, ang payo nġ Isiro si pareng Tacio ay sasakupin ni pareng Juan. Kaya iniliwat kay Juan na kasigbay nġ Tacio.

...Prrrf!.... Prarf!... Prarf!.... at na laguinlin ang mġa nanonood sa bandang yoon sapagka't biglang ibinuga ni Juan sa mukha ni Ambo ang alak na kaniang ininom na anhin mo ang nagbubuga sa mukha nġ manok, na sasabunġuin. At bakit kaya? Walang makasabi nġ tiak, dapua't waring nagkakaisa ang lahat na dahil daw sa na lagyan nġ sileng pacite ang tagay na yoon. Sa ganito nġay na sunod ang sabi ni Tingting Isiro. Sistidor nġa si Matandang Tacio!

Nag kainan na ang lahat pagkatapus nġ paghihinumó nġ tawanan nġ lahat.

Bagama't na hanghanġan nġ sile si Juan ay nag papa walang anoman, nġuni't hianghia sa mġa dalaga, sapagka't naguing parang sagâ ang mukhâ, at gaion din ang mġa mata nia.

Natapus ang kainan; nġuni't nabigò ang mġa naghihintay na mag sisté pa uli sa pagkain ang matandang Tacio. Hindi nġa nia guinawâ ang gayon at ania'y hindi dapat na sa loob nġ panahón nġ pagkain ay magkatawanang lubha sapagka't malaki aniang kalapastanġanan sa gracia at biayâ nġ Dios, at isa pa'y hindi nakatutunaw nġ kinain, kung бага ma'y pagkatapus nġ pag kain.

---

## V

Páhiná 15

At ganoon nġa ang nangyari.

Tapus nang kumain ang lahat, ay tinawag nġ matanda sa gawing labas nġ kamalig si Ambo at sarilinanag nag usap. Tinawanan nġ ilán.

Pinulsihan muna si Ambo, binasâ nġ tubig ang batok at saka pínagsabihan:

—Ang hatol ko sa iyo ay magliguíd ka nġ magliguíd dian sa walong pilapil na yaan, sabay na itinuro ang mġa pilapil, na pag dating mo dito'y patuloy ka pa nġ patuloy hangang patiguilin kita. Ako nama'y kukuha nġ iinomín mong gamot na ewan ko lamang sa baat nġ aking salokot na nasa kamalig.

Ang hinatulan ay walang liwag na sumunod. Líguid-ke líguid sa mġa pilapil at sa sikat nġ mainit na araw samantala'y sa loob nġ kamalig ay naghihinugang ang tawanan nġ lahat.

Hindi naluatan at dumating si Angue, na kayâ natagalan nġ pag sunod ay nag bayo muna nġ palay na kakanin nila nag saing at nag pakain muna sa kaniang mġa anak. Nakita nia ang kaniang asawa sa guitnâ nġ bukid at sa pagkaawâ, palibhasâ бага'y asawa ay nagmakaamong lumuluhod at tumatanġis sa matanda, na ania'y patawarin ang kaniang asawa. Kayâ naman na ululan pa mandin ang tawanan nġ lahat, na nanonood.

—Ibig mo bang gumaling sia?—ang tanong nġ matanda sa nanananġis.

—Opò, ay huag mo po namang pahirapan at ...

—Angue;—ang tugon nġ matandâ;

Pag ang sakit ay masamá  
ang gamot malaking lubhâ,  
Pag ang sakit ay maliit  
ang gamot ay gaga hanip.

Páhiná 16

—At tunay bang ibig mong gumaling ang asawa mo? ang patuloy na tanong n̄ matandà.

—Talaga pong ganoon, mahirap po lamang ang ...

—Mahirap n̄ga ang mabawo....

—Ah! hindi po ... hindi po yaan ang ibig kong sabihin.

—Hindi pala eh ... anó?

—Mahirap po anakin ang iniong gamot na hatol sa kania.

—Yaan ang mabuting papawis ...! sa katawan; hindi delikado sa hanġin, bukod sa ... walang gasta kahi't ga kusing man. Makita mo't kapag araw-araw ay pinapag-liquid mo ang iyong asawa na mag araro baga, ang ibig kong sabihin ay bukod sa kayo'y mag kakabukid ay gagaling pa ang kaniang katawan palibhasa'y papawisan. Naku Angue!... Baka akala mo'y kakaunting sakit ang nakukuha n̄ pawis ...! Hindi kakaunti, at siang lalong tumpak na gamot sa sakit na yaang "Asno —Tamardillo".

—Ay ano po ba sa wika tagalog ang "asno tamardillo"?... Wari ko po'y ibang wika iyan? ang sabad n̄ isang kaharap.

—"Asno", iisaisahin ko sa iyong kahulugan ay tawong linalang n̄ P. Dios. at pinaalis sa bayang Paraiso n̄ magkasala sa pagkain n̄ bunġang bawal at sinumpa n̄gang sinabi sa kania.

Yaman n̄gang sa Akin ikaw nag suail  
kaya buhat n̄gayon at sa haharapin  
sa pawis n̄ noo mo'y iyong kukunin  
ang iyong kakanin at ipakakain,

Páhiná 17

at simula n̄ga noo'y naparam ang ginhawa nakaramdam na sila n̄ gutom at nag isip n̄ga n̄ paraang ikabubuhay, na ito'y ang pagtatanim n̄ m̄ga halaman.

—At ano pong guinawa, kaya n̄ nunong Adan? ang tanong naman n̄ tininting Isiro.

—Nag isip pong bungkalin ang lupa upang mag tanim; at sa ganito n̄ga'y natamo nia ang bunġa n̄ lahat niang halaman at sia niyang ipinakain sa asawang Eva sanpon sa lahat niang inianak. Kaya Tingting Isiro; ang iniong pagbubukid ay talagang kapuri-puring gawa sapagka't siang kaunaunahang natuklasang pangbuhay sa m̄ga tawo, at hangang n̄gayo'y sia pa ring ikabubuhay at ikabubuhay n̄ lahat n̄ bayan sa Sangsinukuban, munti at malaki man, danġang dito sa atin ay waring napapabayaan.

Samantala'y patuloy pa si Ambo n̄ pag liliguin sa bukid.

—Ay ano po naman ang tamardillo?—ang ulit n̄ kausap.

Ang "tamar" ay tamad, hindi masipag, ayaw gumawa, at "dillo" ay tinadtad, anhin mo'y pikadillo; sapagka't ang tawong tamad ay talagang tinadtad n̄ pintas at pula n̄ kapua tawo; at ipaghalimbawa nating tayo n̄ga'y makakitá n̄ isang tawong malakas at walang karamdaman n̄uni't nagaansikot, ayaw gumawa o mag paupa ay pinupuri kaya ninoman? Kung makakita kayo, n̄ walang gawa kundi maglagalag, maglanġo, o magsugal na lamang ay anong maitatawag ninyo? Kung may makita tayong isang salantang wari pilihot ang m̄ga paa na lumapit sa ating pintuan at huminġi n̄ limos, atin naman lilimusan alang-alang sa salanta, n̄uni't pagkapalayo ay matuid pa't magara kay sa atin kung lumakad, at kung m̄ga araw n̄ linggo'y makita nating nagpapatalo n̄ salapi sa sabunġan o sugalan, anong inyong maitatawag?

Páhiná 18

—Tamad!... tamad! magdaraya!.. ang ulitan n̄ lahat.

—Ganian n̄ga; at walang ibang maitatawag ang sinoman,—ang ulit n̄ matanda.

—Sia n̄ga!... ang ulitan n̄ m̄ga kaharap. Dapat n̄gang paniwalaan at siang totoo ...

—Ako'y nagtataka kay Tandang Tacio, sa gayong katulisan n̄ unang dako ay n̄gaio'y mabait na't masipag at ang naguiguin aliwan na lamang niya ay magsisti—ang saló naman n̄ isa.

—Sia'y uliran na, na dapat gawin ni Ambo at n̄ m̄ga iba dian na talagang tamad, kaya naman pinarusahan siya doon sa initan—at pagsasabi nito ay gawari hinanap si Ambo, n̄uni't n̄ tanawin ay wala na at sa hiya ay nagpatuloy na umuwi sa kanilang bahay. Namalayan n̄ga't pinaghanapanan n̄ lahat si Ambo ay wala n̄ga sa bukid. Kaya sa maalaman ni Angue ay napaalam na sa lahat at tinunton ang pook na pinaroonan n̄ kaniang asawa.

Noo'y hapon na; at ang lahat ay nag uwian sa kanikanila, na di magkangdadala n̄ hunos, kaya n̄ga ang m̄ga bakol, o palanan nila'y puno n̄ palay at ang m̄ga tian ay puno din naman n̄ ... hanġin sa katatawa kay matandang Tacio, at busog ang m̄ga kaloobán sa m̄ga na dinig na aral n̄ sistidor na matanda.

Páhiná 19

Nagbago kaya si Ambo n̄ gaiong ugali?—ang maitatanong n̄ bumabasa.

Tayong lahat ay makasasagot. Makaaasa tayo sapagka't sawikain nating "sa tawo'y ang mukha ang hindi lamang nagbabago", n̄unit na dudunġisang minsan minsan kaya minsan minsa'y kailangang humarap sa salamin n̄ mabubuting aral at m̄ga basahing makapagaagno sa magaling, upang sa m̄ga yoon ay maisaayos ang m̄ga kapakanan n̄ ating sarili at n̄ kalahatan sa kapakinabanġan n̄ boong katauhan.



---

## VI

...Umui na sa bayan ang mġa nanġanihan noong hapong yaon; nġuni't si matandang Tacio at si Juan ay umiba nġ daan.

—Narito na si Matandang Tacio!—ang putol na sabi nġ isa sa mġa nagkakaumpok sa bunsuran nġ isang hagdanan, na ang mġa ito'y nagsisipag karay-kurus, ó nag tatanġá simulá pa nġ makakain nġ tanghalian.

At sa mapalapit ay pinadaan; nġuni't bagaman gabi na'y nagdasan ding kusa ang matandà.

—Anó anó ang inyong pinagpupulunġan mġa bata?—anang matandà.

—Wari po'y nagkakapalabasan; nagkakapustahan po yata nġ kuarta.

—At sinong pupusta sa akin?—ang ulit nġ matanda—nġuni't ayoko nġ kuartahan!

—Kami po; ang halos sabay nġ apat na binatang doroon, na ang mġa isipa'y nasa kara y kurus din at sa pagkakataló.

Páhiná 20

—Kapag hindi ko napakain sa dulo nġ kawayang yaan ang kalabaw na yaong nakatali sa tabing bakod ay anong gagawin ninió sa akin?—ang patuloy nġ matanda.

—Kapag na pakain mo po'y di iyo na ang lahat naming kuarta, pati na sa bulsá naming apat—ang tugon nġ isa.

—Ayao ako nġ kuartahan—ang ulit nġ matanda.

—Kapag po napakain mo ay unsunġin ka po naming pauwi sa bayan, yamang gabi na din lamang, at ikaw po namay matanda na.

—How?... Lalong mabuti at galing din sa inyong bibig!

—Sia nġa po ang ulit nġ apat na mġa kapustahan.

Bueno ... at sabay na kinalág nġ matanda ang kalabaw, at inilapit lapit sa kawayan; humapay nġ isa, na parang sinukat, na ang dulo'y napalapit sa unġos nġ kalabaw, at sa ganito nġa'y kinain nġ hayop ang talbós nġ kawayan.

—Ano pa?... ang ulit nġ matanda sa mġa kapustahang nanġapamanghá.

Tumutol ang iba sapagka't inaasahang ipapanhik nġ matanda ang kalabaw, doon sa dulo nġ kawayan; nġuni't nġ magkaaninawa'y sila din ang mali sapagka't hindi pinaglinaw muna ang pustahan, ay ang matanda din ang nagsabi.

Ang kamalian ay katalunan;  
Siyang kalakarang leying umiiral.

At ang lahat ay di nakatanguí; napatalo na nġa sila at matanda'y inusong sa isang duyan.

Páhiná 21

—Yamang nġayo'y gabi na din lamang ay ipagpatuloy ninio ako sa Casa Real at sabihin niniong ako'y nalunod. Walang pagsalang ako'y lilimusan nġ mġa kakila't katoto, lalo na si Doña Isabel; at ikaw Cebio ang maghahawak nġ kuarta, sapagka't ang asawa ko'y manananġis na lamang; huag lamang kayong magpapahalata. Ikaw naman Kulás ay pasasa simbahan at magpapa algunias, sabihin mo sa kay Pari Teban na ako'y pag oracionan.

At ganoon nġa ang guinawa.

---

## VII

Sabihin pa ang pagkapamanghá nġ marami sa mapagtantong ang namatay ay si matandang Tasiang Sistidor, lubha pa nġ mġa nakakita sa kanihan sa anihan, nġ araw na yaon.

Ang bankay nia'y inilagak na lamang sa silong nġ Casa Real ayon sa utos nġ Kapitan. Nġuni't noon ding gabing yoon ay walang makasabi kung bakit ipinadala na doon sa pantion at nġ doon muna mapa lagak hangang kinabukasan; at ganito nġa ang nasunod.

Nġ sia'y mapag-isá doon, at nġ wala nang makakita sa kania ay nagbanġo't pinasan ang sa kaniya'y pinagusunġan at tuloy tuluyang umuwí sa kaniang bahay, sa wala sinomang nakakita. Noon din ay pinaroonan nia ang dalawang sa kania'y umusong magbuhat sa bukid, at ipinagalám sa kaniang inaakalang gawin. Kinabukasang ililibing ang nalunod na matandang Tacio ay wala ang bankay sampon nġ pinaglagyan, kaya naman sa takot nġ dalawang pinagutusan nġ kapitan, ay nagpahayag nġ daw, ay nakita nilang kababalaghang, pag pailanglang nġ bangkay ni Tandang Tacio hangang kalanġitan. Ang salaysay na ito ay paniwala'y dili nġ marami, nġuni't pinagtitibay na patotohanan nġ dalawang yaon, dahil sa takot na mapaló nġ kapitan.

Páhiná 22

## VIII

Ang lahat na nakaalam n̄ pagkamatay ni matandang Tacio ay malungkot na nagbibilang n̄ araw, at n̄gayo'y ikaapat na araw na magmula n̄ ilibing ang nalunod. Ang balo n̄ namatay sanpon n̄ m̄ga kasuyó ay naghahandaan upang ipagparasal n̄ gabing yoon, kaya, n̄ga't nagkatipon sa bahay n̄ namatay. Na roon na ang Kapitan, ang Directorcillo, ang Paré, at ang m̄ga Cantores ay nagdasal n̄ responso, sampon n̄ m̄ga manang at ang lahat na doroon. Nang matapos ay pawang inanyayahan sa paghahapunan at dina n̄ga naluatan at nalilikmo nang lahat sa paligid n̄ isang mahabang dulang na kina hahainan n̄ mabubuti at masarap na pagkain na ang litson at tinolang manok ay kapiling n̄ patis na may dayap at n̄ salaang maasim asim. Nang malapit na ang pagkatapos n̄ paghapon ay napansin n̄ lahat ang isang tinig na nagbubuhay sa gawing itaas n̄ palupo na tapat n̄ dulang. Ang lahat ay na patin̄galá at doon n̄ga'y nakita ang duyang may nakalawit na isang paa. Marami ang nagulat at tumakbó, lubhà ang m̄ga babaie. Pinagtulung-tulun̄gang ibaba ang duyan at n̄ narito na'y mahinusay na nagsalita ang matanda, na nagpalutó n̄ tsá na pinatakan n̄ gatas amargas, sa gitna n̄ di masayod na katuaan at tawanan. Ang kaumpok na m̄ga daló sa piguing na yaon ay walang pagkasiuhan sa lugod, kaya n̄ga yata ang Directorcillo ay di nakatiis na di bumigkas n̄ isang tulà na kaniang biglang ipinamutawi, na anya'y,

Páhiná 23

M̄ga, maguinoo,

Ang tawo'y di n̄ga sukat na magsasabi,  
n̄ tapos sa sinomang kapua lalaki,  
sapagka't kung ganito n̄ga ang mangyari  
kahiyahiyang lubha sa kania ding sarili.

(Nan̄ga tilihán)

